

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Hulyo 2019

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Ang mas mabagal na paglaki ng demand ay na-offset ng mas matatag na paglaki ng output noong Hunyo

Mga pangunahing nalaman

Kapansin-pansin ang paglaki ng output sa mga Filipino manufacturer

Naging pinakamabagal ang pagdami ng mga bagong order sa loob ng 11 buwan

Naging pinakamabagal ang pagbaba ng export sales na naitala

Nagpanatili ang mga Filipino goods producer ng kapansin-pansing bilis ng pagdami ng output sa katapusan ng pangalawang quarter ng taon, sa kabila ng mas mabagal na pagdami ng kabuuan ng mga bagong order at pinakamabilis na pagbaba ng export sales na naitala sa kasaysayan ng series. Nanatiling mababa ang mga trend sa employment, habang patuloy na nag-ipon ng stock ang mga kumpanya para maiwasan ang pagkukulang. Samantala, bumaba ang sentimyento tungkol sa hinaharap at naging pangalawang pinakamababang naitala ng series.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay tumaas nang kaunti mula 51.2 noong Mayo patungong 51.3 sa Hunyo. Ang pinakabagong figure ay nagpakita ng medyo mahina pa ring manufacturing sector, dahil ang reading na ito ay isa sa pinakamababa sa tatlo at kalahating taong kasaysayan bagama't pinakamataas ito mula noong Marso.


Sa pangkalahatan, ang bahagyang pagtaas sa headline index ay dahil sa mas mabilis na pagdami ng output sa mga Filipino manufacturer. Tulad ng resulta noong Pebrero, naging pinakamabilis ang paglaki sa 2019 sa ngayon. Ayon sa anecdotal na ebidensya, ang paglaki ay nauugnay sa mas mataas na demand para sa mga produkto, bagama't idinulot din ito ng mga kumpanyang nagsasagawa ng mga pre-existing order at nag-iipon ng post-production stocks.

Kasabay nito, dumami lang nang bahagya ang mga bagong order at naging pinakamahina ito sa loob ng halos isang taon. Mariin itong iniugnay ng mga kumpanya sa isa pang pagbaba ng mga bagong order mula sa ibayong dagat, bilang ikawalo sa loob ng sampung buwan. Kapansin-pansin dito na naging pinakamabilis ang pagbaba mula noong nagsimula ang series noong 2016, at binigyang-diin ng ilang kumpanya ang kakulangan ng demand mula sa mga kliyente sa ibayong dagat.

Bumaba pa ang employment noong Hunyo, na nauugnay rin sa hindi pagpapalit ng mga umalis sa mga manufacturing firm. Napahaba nito ang kasalukuyang yugto ng pagbaba nang hanggang apat na buwan, bagama't mas mahina ang pinakahuling pagbaba kumpara sa Mayo.

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Isinasaad ng ilang salik na humaharap ang mga Filipino manufacturer sa isang mas mahinang growth environment noong Hunyo. Kapansin-pansin ang paglaki ng output, pero dumami lang nang bahagya ang mga bagong order at naging pinakamabagal ito simula noong Hulyo. Sa halip, mukhang pinagtuunan ng mga kumpanya ang stock-building; lumaki ang mga imbentaryo ng finished goods para sa pangalawang buwang sunud-sunod, habang lumaki rin ang mga stock ng input dahil binanggit ng mga panelista na may panganib na magkaroon ng kakulangan sa supply.

"Kapag pinagsama-sama ito, mukhang mas kaunti ang benepisyo sa pagtataas ng output sa mga susunod na buwan, maliban kung makakakita ang mga kumpanya ng matatag na inflow ng mga bagong order. Maraming kumpanya ang lumipat sa pag-ubos sa kanilang mga imbentaryo, kung saan maaaring humina ang aktibidad. Ang mga kumpanya ay humaharap din sa mga kapansin-pansing problema sa labor market, dahil nabanggit ulit ang mga pagre-resign ng ilang mga panelista.

"Gayunpaman, gumanda ang mga supply chain sa mga nakaraang buwan dahil nabawasan ang sikip sa port, habang nanatiling mababa ang mga price pressure. Dapat ay matulungan ng mga salik na ito ang anumang mga short-term na panganib sa mga negosyo."

Pagdating sa presyo, nag-ulat ang mga goods producer ng isa pang mahinang pagtaas ng gastusin sa input sa dulo ng pangalawang quarter. 7% lang sa mga panelista ang nakaranas ng pagtaas sa mga presyo ng supplier, na bahagyang nauugnay sa mas mataas na presyo ng dolyar at nagtaas na buwis, bagama't hindi nagtala ng pagbabago ang karamihan sa mga respondent mula noong Mayo.

Dahil dito, bahagyang nagtaas ng singil sa output ang mga manufacturer. Bumaba ang rate ng inflation mula noong Mayo at naging pangalawang pinakamahina ito sa loob ng halos dalawang taon.

Samantala, umigting ang aktibidad sa pagbili noong Hunyo dahil mas maraming biniling input ang mga kumpanya sa loob ng pitong buwan. Bagama't hindi masyadong marami ang mga bagong order, inulat ng mga negosyo na gusto nilang mag-ipon ng input stocks, at sinabi ng iba na may panganoib na magkaroon ng kakulangan ng supply. Lumaki ang mga imbentaryo pero mas mabagal ito kaysa sa nakaraang buwan. Sinulit ng ilang kumpanya ang mas mabibilis na lead times na tatlong buwan nang umiikli dahil sa mas magagandang kundisyon sa port ng Manila. Gayunpaman, bahagya lang ang pag-ikli ng delivery times.


Humina nang kaunti ang mga inaasahan sa output noong Hunyo. Bagama't tumaas ang produksyon sa yugtong ito, naging pangalawang pinakamababang naitala ang outlook sa kasaysayan ng survey. Gayunpaman, nanatiling positibo ang optimism sa pangkalahatan at umasa ang mga kumpanya sa pagdami ng mga order at paglago ng kumpanya para umigting ang aktibidad sa hinaharap.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44-207-260-2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi binabago ng IHS Markit ang pinagbabatayan nitong data ng survey pagkatapos ng unang paglathala, ngunit maaaring baguhin ang mga salik ng pagsasaayos na batay sa panahon paminsan-minsan kung kinakailangan na makakaapekto sa serye ng data na isinasaaayos batay sa panahon.

Ang data ng Hunyo 2019 ay nakolekta noong 12-21 Hunyo 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (Nasdaq: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.